



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-93 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-10 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-3 NG MAYO, 2021 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumulo:

Kgg. Jerwin S. Dimapilis	- Pansamantalang Tagapangulo
Kgg. Agustin L. Cusi	
Kgg. David D. De La Cruz	
Kgg. John John S. Yason	
Kgg. Robert S. Quiatchon	
Kgg. Lucille T. Bacay	
Kgg. Juan Rafael M. Talens	
Kgg. Ronel S. Sescar	
Kgg. Elmira May V. Tarac	- Pangulo, SK Mun. Federation
Kgg. Celso M. Dimapilis	- Pangulo, Liga ng Barangay

Hindi Nakadalo: Kgg. Gualberto V. Magno - Pangalawang Punong Bayan

KAPASYAHAN BLG. 411
Taong 2021

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG
YUMAONG NAGING KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG
ROXAS, ORIENTAL MINDORO, KGG. VENANCIO GUSI YAP.

SAPAGKAT, ang pagpanaw sa daigdig ng isang naging kasama sa gawain sa paglilingkod sa bayan ay isang pangyayaring ikinalulungkot at dinaramdam ng mga naiwang kasamahan at kaibigan;

SAPAGKAT, si Kgg. Venancio G. Yap ay unang nahalal bilang miyembro ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro mula Marso, 1980 hanggang Abril, 1986, siya rin ay itinalaga bilang kagawad ng Sangguniang Bayan pagkatapos ng People Power Revolution, EDSA I noong Abril 21, 1986 at nahalal bilang Kagawad ng Sangguniang Bayan simula noong Pebrero 1988 hanggang Hunyo 30, 1992;

SAPAGKAT, bilang isang kagawad ipinakita niya ang tapang at lakas ng loob sa pagsuporta at pagtatanggol sa mga gawaing nagsasabatas at naglalayong paunlarin at itaguyod ang kapakanan ng nakararaming mamamayan;

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang panunungkulan, nagpamalas siya ng pagmamahal sa tungkulin, sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa mga mamamayan at pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga ito para sa maunlad at matiwasay na pamumuhay;

JERWIN S. DIMAPILIS

FERDINAND V. TALENS, MPA

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, ang mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay nagpapasabot ng pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang naiwang pamilya sa pagpanaw ng isang naging lingkod-bayan, Kgg. Venancio Gusi Yap.


DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASIYA talad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong naging kagawad ng Sangguniang Bayan ng bayang ito, Kgg. Venancio Gusi Yap ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro.


IPINASIYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong naging Kagawad ng Sangguniang Bayan, Kgg. Venancio G. Yap lakip ang tauspusong pakikiramay.

Pinagtibay: 03 Mayo 2021

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


JERWIN S. DIMAPILIS
Kagawad ng Sangguniang Bayan
Pansamantalang Tagapangulo

mura/05032021